PALIWANAG SA PAGKALKULA NG SAHOD
Alinsunod sa NAC 616C.520(1)

Batay sa average na buwanang sahod sa oras ng aksidente ang halaga ng kompensasyon sa kapansanang babayaran sa napinsalang empleyado. Kinakalkula ang kompensasyong dapat bayaran batay sa araw ng kalendaryo, at binabayaran sa rate na 66 2/3% ng average na buwanang sahod, napapailalim sa limitasyon ng batas na lumilikha ng pinakamataas na average na buwanang benepisyo sa sahod na 150% ng average na buwanang sahod na kinakalkula ng estado. Kung hindi makagampan nang hindi bababa sa limang magkakasunod na araw, o limang pinagsama-samang araw sa loob ng 20-araw na yugto ng panahon, puwedeng mabayaran ang bawat araw ng pagkakaroon ng kapansanan, kasama at kasunod ng limang araw. Kapag pinalabas ng doktor ang napinsalang empleyado para magtrabaho o bumalik siya sa trabaho nang mag-isa, titigil ang pagiging kwalipikado para sa kapansanan.

MGA KASAMA SA AVERAGE NA BUWANANG SAHOD
Alinsunod sa NAC 616C.423

Kasama sa pagkalkula ng iyong average na buwanang sahod ang mga sumusunod: sahod o suweldo; mga komisyon na na-prorate sa panahon na ginamit para kalkulahin ang AMW; bayad sa insentibo; pagbabayad para sa sick leave; mga bonus na na-prorate sa panahon na ginamit para kalkulahin ang average na buwanang sahod; bayad sa pagwawakas; mga tip na kinokolekta at ibinabayad ng employer at hindi binabayaran sa pagpapasya ng customer; mga tip na iniuulat mo alinsunod sa NRS 616B.227; pagbabayad para sa trabaho kada piraso, rasyon sa kagamitan, bakasyon, holiday, overtime, at oras ng paglalakbay; at halaga ng kuwarto at/o pag-upa. Maaaring isama ang kasabay na pagtatrabaho sa ibang employer.

Hindi maaaring isama ang: trabahong hindi napapailalim sa saklaw sa ilalim ng ingklusibong mula NRS 616A hanggang 616D, o kabanata 617 ng NRS, o hindi sapilitang trabahong hindi pa napili; pagbabalik ng nagastos para sa mga gastusin na may kaugnayan sa trabaho, kabilang ang per diem at paglalakbay, at mga rasyon para sa paglalaba o uniporme.

Sa ilang pagkakataon, tinutukoy ang sahod ng batas. Ibabatay ang kompensasyon sa sahod na iyon.

Kung lumampas ang iyong average na buwanang sahod sa Average na Buwanang Sahod ng Estado, ibabatay ang kompensasyon sa Average na Buwanang Sahod ng Estado.

PAGKALKULA NG AVERAGE NA BUWANANG SAHOD

Dapat gamitin ang tala ng sahod sa loob ng 12 linggo para kalkulahin ang average na buwanang sahod. Kung hindi kumakatawan ang 12-linggong panahon sa iyong average na buwanang sahod, dapat gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan.

Maaaring gamitin ang isang taon, o ang buong panahon ng trabaho kung mas mababa sa isang taon. **Dapat** itong gamitin kung tataas ang average na buwanang sahod; o alinsunod sa NAC 616C.435(3), kung miyembro ng organisasyong manggagawa at regular na nagtatrabaho ang empleyado sa pamamagitan ng mga referral mula sa opisinang iyon, dapat gamitin ang sahod mula sa lahat ng employer sa loob ng isang taon kung tataas ang average na buwanang sahod.

Kung nagtatrabaho nang wala pang 12 linggo, pero para sa panahong hindi bababa sa apat na linggo, ina-average ang mga sahod para sa available na panahon; o dapat na nakabatay sa kabayaran ng suweldo at inaasahang iskedyul ng pagtatrabaho ang mga kita batay sa piraso o panahong wala pang apat na linggo, o sa karaniwan na katumbas ng ibang empleyadong gumagawa ng parehong trabaho.

Dapat binubuo ang panahong ginamit para kalkulahin ang AMW ng magkakasunod na araw kaagad bago ang iyong aksidente. Dapat bilangin ang bawat araw, kasama ang mga sumusunod na pagbubukod: Isang sertipikadong sakit o kapansanan; na-institutionalize sa ospital, o iba pa; pagpapatala bilang full-time na mag-aaral at hindi nagtatrabaho sa mga araw ng pagpasok; serbisyo-militar maliban sa tungkulin sa katapusan ng linggo; opisyal na sinang-ayunan na welga; o pagliban dahil sa inaprubahang bakasyon alinsunod sa Batas para sa Pampamilya at Medikal na Leave (Family and Medical Leave Act) noong 1993.

Maaari ding malapat ang magkasabay na sahod para sa pagtatrabaho ng dalawa o higit pang employer. Itinakda ng NAC 616C.447 na dapat payuhan ng tagaseguro ang napinsalang empleyado nang nakasulat sa kanyang pagiging kwalipikado para sa kompensasyon para sa kasabay na trabaho sa oras ng paunang pagbabayad ng kompensasyon.

KUNG TILA MAY ERROR NA NAGAWA SA PAGPAPAHALAGA NG SAHOD, PAKIKONTAK ANG IYONG AHENTE PARA SA MGA CLAIM. IBIBIGAY ANG PALIWANAG SA PAGKUKULANG. REREBISAHIN ANG SAHOD SA PAGPRESENTA NG DOKUMENTASYON (TINGNAN ANG MGA STUB, FORM W-2 SA PAGBUBUWIS NG KITA, PAHAYAG NG SAHOD MULA SA EMPLOYER) NA NAGPAPAKITA NG ORIHINAL NA PAGPAPASAHOD NA MAY MALI. GAGAMITIN ANG NIREBISANG SAHOD PARA MULING KALKULAHIN AT ISAAYOS ANG KOMPENSASYON PARA SA MGA PANAHONG BAYAD NA, PATI ANG KASUNDUAN SA HINAHARAP.